Tunay na si Allāh ay hindi tumatanggap ng gawa maliban na ito ay naging wagas ukol sa Kanya at hinangad dito ang kaluguran ng mukha Niya."}

Ayon kay Abū Umāmah Al-Bāhilīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Nagsaalang-alang ka ba sa isang lalaking sumalakay habang naghahanap ng pabuya at katanyagan? Ano ang para sa kanya?" Kaya nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anuman para sa kanya." Kaya umulit ito niyon nang tatlong ulit habang nagsasabi naman dito ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anuman para sa kanya." Pagkatapos nagsabi siya: "Tunay na si Allāh ay hindi tumatanggap ng gawa maliban na ito ay naging wagas ukol sa Kanya at hinangad dito ang kaluguran ng mukha Niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām An-Nasā'īy]

May dumating na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) upang magtanong sa kanya at humiling ng pasya sa kanya tungkol sa kahatulan sa lalaki na humayo para sa pagsalakay at pakikibaka habang naghahangad ng pabuya mula kay Allāh at pagkaibig sa papuri at pagbubunyi sa mga tao kung magkakamit ba siya ng pabuya. Kaya sumagot dito ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang anumang para rito na pabuya dahil nagtambal ito sa layunin nito ng iba pa kay Allāh. Kaya umulit ang lalaki ng tanong nito nang tatlong ulit sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang sumasagot naman siya rito at nagbibigay-diin dito ng mismong sagot na walang pabuya para sa kanya. Pagkatapos nagpabatid dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) hinggil sa panuntunan ng pagtanggap ng gawa sa ganang kay Allāh at na si Allāh ay hindi tumatanggap ng gawa maliban na ito sa kabuuan nito ay maging para kay Allāh nang hindi nagtatambal dito ng isa man at ito ay maging ukol sa kaluguran ng mukha ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya).

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65107